Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-07 NG DISYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | Kasangguni |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |

---

**KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 267-2020**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN, PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. NOEL G. PINEDA AT BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS, SA TANGGAPAN NG PAMBANSANG PULISYA NG PILIPINAS (PNP) SA PAMUMUNO NI PNP CHIEF POLICE DIRECTOR GENERAL DEBOLD MENORIAS SINAS, SA PAMAMAGITAN NI REGIONAL DIRECTOR VALERIANO T. DE LEON, NA MAPAGKALOOBAN ANG TANGGAPAN NG PANLUNGSOD NA HIMPILAN NG PULISYA NG MALOLOS NG KARAGDAGANG KAPULISAN.**

**AKDA NINA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. ENRICO C.CAPULE, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

**SAPAGKAT,** gampanin ng Pamahalaang Lokal ang pagpapanatili ng kaayusan at kaligtasan ng kanyang mga mamamayan, gayundin ang pangangalaga sa buhay at ari-arian ng kanyang mga nasasakupan at isulong ang kagalingang panlipunan na siyang itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring "Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas 1991";

**SAPAGKAT,** ang kapulisan ang pangunahing ahenya ng pamahalaan ang siyang naatasang magpatupad ng mga batas pang-nasyonal, panglalawigan, panglungsod at pang-barangay na ganap na pinagtibay na may bisa ng batas alinsunod sa itinatakda ng Batas Republika Blg. 6975 o ang "AN ACT ESTABLISHING THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE UNDER A REORGANIZED DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT, AND FOR OTHER PURPOSES" na inamyendahan ng Batas Republika Blg. 8551 at sinusugan ng Batas Republika Blg. 9708;

**SAPAGKAT,** ayon sa tala at datos ng *Philippine Statistics Authority* (PSA) ang Lungsod ng Malolos sa kasalukuyan ay may mahigit 252,000 mamamayan sa 51 barangay kasama ang 5 barangay na nasa baybay dagat;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ang siyang kapital o kabisera at sentro ng kalakalan ng Lalawigan ng Bulacan na tumatayong tagapagkonekta sa kamaynilaan sa mga karatig lalawigan nito sa gawing hilaga;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang hanay ng kapulisan sa Lungsod ay binubuo lamang ng 85 kasama ang opisyal nito ay sadyang kulang upang magampanan ang mabigat na tungkulin nito;

**SAPAGKAT,** lumalabas na sa bawat pulis ay may 2,965 residente ng lungsod ang kanyang responsibilidad o' 2965 ratio na lubhang malayo sa ideal na 1:500 policemen-to-population ratio;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** malaking tulong ang karagdagang kapulisan para sa mas epektibong pagpapatupad ng batas;

Sa kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasya na hinihiling sa pangunguna ng Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian, Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Noel G. Pineda at bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos, sa Tanggapan ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP) sa pamumuno ni PNP Chief Police Director General Debold Menorias Sinas, sa pamamagitan ni Regional Director Valeriano T. De Leon, na mapagkalooban ang Tanggapan ng Panlungsod na Himpilan ng Pulisya ng Malolos ng karagdagang kapulisan.

**PINAGTIBAY.**

*__KGG. FRANCISCO J. CASTRO__
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*12072020